REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Hulyo 1, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 275 s 1999

**PAMBANSANG KUMBENSYON SEMINAR NG SAMAHANG BIKOLANO SA WIKANG FILIPINO**

Sa Mga
Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Panrehiyon at Pansangay na Tagamasid sa Filipino
Punong Guro ng Pribado at Pampublikong Paaralan sa Elementarya at Sekundarya

1 Ang Bicol University Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino ang Kapisanan ng mga Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino sa Luzon Inc at ang Samahang Bikolano sa Wikang Filipino sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Bicol University ay magtataguyod ng Pambansang Kumbensyon Seminar ng Samahang Bikolano sa Wikang Filipino na may temang Ang Pagtuturo ng Filipino at ang Paggawa ng Aklat Ito ay gaganapin sa AV Center ng Regional Science Teaching Center Bicol University sa Setyembre 15 17 1999

2 Pagkatapos ng Kumbensyon Seminar ang mga kinatawan ay inaasahang

a) Makakapaglapat ng mga bagong teorya sa pagtuturo ng Wika at Panitikan
b) Makakagawa ng mga pagsusulit na nagtataglay ng mga katangian ng mabuting pagsusulit at
k) Makakayari ng mga aklat sa Filipino

3 Inaasahang dadalo sa Kumbensyon Seminar ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino at sa mga asignatura na Filipino ang ginagamit na wikang panturo mga puno/tagapag ugnay ng Kagawaran ng Filipino mga piling kinatawan mula sa mga paaralang elementarya at sekundarya pribado man o pampamahalaan at mga Bikolanong edukador

4 Ang bayad sa rehistrasyon sa Gawaing Kapulungan ay sanlibong piso (P1 000 00) para sa anim (6) na meryenda tatlong (3) pananghalian lakbay-aral handouts at iba pang gugulin para sa seminar Ang bawat kalahok ay inaasahang dadalo lamang sa tamang opisyal na oras at sa pasubaling ito ay hindi makakaabala sa regular na takbo ng klase

5 Inaasahan ang malawakan at daglian pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian W a l a
Pamumudmod 1—(D O 50 97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa

CONVENTION
Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS